# ISLAM
## ANG IYONG KATUTUBONG KARAPATAN

# الإسلام دين الفطرة

كتيب تعريفي بدين الاسلام باللغة الفلبينية

ترجمة : عيسى باتالونس ، مركز دعوة الجاليات – الجبيل



Tinipon Ni: Majed S. Al-Rassi

Mula sa Patnugot Ni: Dr. Bilal Philips

Salin sa Tagalog Ni: Eisa "Rene" Saturno-Batallones


**Ang aklat na ito ay inyong matutunghayan sa;**
**www.saaid.net/kutob**

# PARA SA BUONG



**WALANG PAG-AALINLANGANG ANG BUHAY AY ISANG PAGSUBOK LAMANG. ITO AY NANGANGAILANGAN NG TAMANG PAGHUHULO UPANG IHANDA ANG SARILI SA HULING HANTUNGAN. ANG TUNAY NA PANANAMPALATAYA LAMANG AT ANG MABUBUTING GAWA ANG MAGSISILBING DAAN TUNGO SA KALIGTASAN.**

## Ang Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| Paunang Salita | 5 |
| Ang Layunin ng Paglikha | 10 |
| Ang Basikong Mensahe ng Islam | 13 |
| Katunayan na Tanging Diyos Lamang ang Dapat na Sambahin | 15 |
| Ang Mensahe ng Maling Relihiyon | 26 |
| Ang Diyos at ang Kanyang mga Nilikha | 29 |
| Ang Pangalan ng Relihiyon | 32 |
| Ang Anim na Haligi ng Pananampalatayang Islam | 35 |
| Ang Haligi ng Islam | 45 |
| Ang Islam at ang Ibang Relihiyon | 50 |
| Ang Kagandahan ng Islam | 51 |
| Ang Pangkalahatang Katangian ng Relihiyon na may Malawak na Saklaw | 66 |
| Bakit ang Islam | 70 |
| Hinuha (Konklusyon) | 73 |
| Papaano ang maging Isang Muslim | 77 |

## Paunang Salita

Ang lahat ng papuri ay para sa Allah lamang, ang Panginoon ng sanlibutan at ng sangkatauhan. Ang pagpapala at ang pagbati ng Allah ay mapasa-lahat ng Propeta, kay Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) at gayundin sa lahat ng kanyang pamilya, mga kasamahan at sa mga taong tumatahak sa matuwid na landas.

Ang aklat na **"Islam, is Your Birthright**" ay aming isinalin at inilathala sa wikang Tagalog kasama ng aming panalanging magbigay nawa ito ng kalinawan sa mga maling palagay hinggil sa relihiyong Islam. Magsilbing gabay nawa ito upang matuklasan ang magagandang katuruan, magbigay ng wastong kaalaman at higit sa lahat ang makilala ang Natatangi at ang Nag-iisang Tunay na Diyos-Ang Allah, ang Siyang may tangan sa Kapangyarihan sa mundong ito at sa kabilang buhay.

Sa kasalukuyan, ang karamihan sa mga salinlahi ni Adan ay walang sapat na kaalaman hinggil sa

relihiyong Islam. Kaya naman, minabuti naming isalin ang aklat na ito upang masilbing linaw sa mga nakapagpapagulo sa isipan ng mambabasa. Hinihikayat namin ang lahat ng makababasa ng aklat na ito na buksan ang kanilang isipan upang makamit ang tamang gabay at hindi na muling bumaybay sa daang hindi talos ang patutunguhan. Nawa'y matunton ng mambabasa ang tunay na daan tungo sa magandang pamumuhay dito sa mundo at sa kabilang buhay.

Tanggapin nawa ng Allah ang mga dalangin upang mapagtagumpayan ang aming mga adhikain at mabuting layunin sa pagpapalaganap ng relihiyong Islam.

Nawa'y sumainyo ang patnubay ng ating Dakilang Lumikha – ang Allah, ang Nag-iisang Tunay na Diyos at karapat-dapat sambahin. Assalamu alaikum Wa Rahmatullahi Wabarakatu.

**Eisa "Rene" Saturno-Batallones**
Tanggapang Panawagan at Pamatnubay
Ng Al Jubail, Kaharian ng Saudi Arabia

Ang lahat ng tao ay isinilang sa isang kapaligirang ang relihiyon ay hindi lamang nagmula sa sarili niyang kagustuhan. Sa simula pa lamang ng pagsulpot ng tao dito sa mundo, iminulat na siya sa relihiyon ng kanyang pamilya o ang idolohiya ng lipunang kanyang kinabibilangan na kanyang nasumpungan. Sa panahong sumapit na siya sa wastong gulang, kadalasa'y tinatanggap niya ang paniniwala na kanyang kinagisnan --- ang paniniwala ng kanyang mga magulang o ang paniniwala ng lipunang kinabibilangan.

Magkagayunman, ang ilan sa kanila sa pagsapit sa hustong gulang ay naging lantad ang iba't ibang paniniwala at idolohiya, hanggang magsimula silang magtanong at alamin ang katotohanan ng kanilang pananampalataya. Silang mga naghahanap ng katotohanan ay humahantong sa punto ng pagkalito dahil ang bawa't tagasunod ng iba't ibang relihiyon, sekta, idolohiya at pilosopiya ay nag-aanking sila ang nagtataglay ng tunay at wastong relihiyon, paniniwala o idolohiya. May tatlong posibilidad na sila ang nagtataglay ng tunay na relihiyon. Maaaring silang lahat ay tama; ang karamihan naman ay mali at iisa

lamang ang tama; o ang lahat ay mali. Kailan ma'y hindi maaaring maging tama silang lahat sapagkat ang bawat isa'y may kani-kanyang sinusunod na pamantayan. Karagdagan pa rito, ang karamihan sa kanila ay nagsasabing sila ang tama at ang iba'y nagtataglay ng maling konsepto ng kanilang relihiyon. Sa isang banda, ang pagsasabing ang iba ay mali ay pagtanggi rin sa paniniwala na ang Diyos ay nagpahayag ng Kanyang kautusan sa buong sangkatauhan. Ang mungkahing ito ay walang katuturan at kabalintunaan sa mga taong naniniwala sa Tagapaglikha – Ang Maalam.

Samakatwid, anong relihiyon ang totoo at papaano ito mababatid ng isang naghahanap ng katotohanan? Ito ang magiging paksa ng aklat na inyong tinutunghayan sa mga oras na ito. Sa simulang magnais manaliksik ang tao ng tamang relihiyon, nararapat na isipin ang apat na mahahalagang bagay at itanim ito sa isipan: Una, Ang Diyos ay nagbigay ng kakayahan at katalinuhan upang gamitin sa isang mabigat na pagpapasya. **ANO ANG TUNAY NA RELIHIYON?** Pangalawa, Ang Diyos – ang Mahabagin, ay hindi tayo iniwan at hinayaang maligaw ng walang

gabay. Sa katunayan, Siya ay nagsugo ng mga Propeta na may dalang kapahayagan upang ipakita sa atin ang tamang landas. Pangatlo, ang paghahanap ng tunay na relihiyon ang pinakamabisang paraan hinggil sa buhay ng tao, sapagkat ito ang sandigan ng buhay na walang hanggang kasaganaan.[1]

Pang-apat, kailangan nating tiyakin ang tunay na landas at magsagawa ng makatuwiran, patas at tamang pagpapasya. Dapat isantabi ang anumang dating saloobin at akalang hagap na nagsisilbing piring sa mata upang mabatid ang katotohanan.

---

[1] Ang Bibliya ayon sa kasalukuyan anyo, ipinagtibay nito na ang paghahanap ng katotohanan ang siyang mabisang paraan tungo sa kaligtasan. Ayon sa Juan 8:32: "At kung kailangan mong malaman ang katotohanan, ang katotohanan ang magpapalaya sa iyo" Ang mga Muslims ay naniniwala na ang Bibiliya ay naglalaman ng katotohanan subali't ang mga ito ay pawang na palitan.

## I. ANG LAYUNIN NG PAGLIKHA

Nagtataka ka ba kung ano ang dahilan ng ating pagkakalikha? Iniisip mo ba kung bakit tayo namamatay at kung saan tayo patutungo pagkatapos ng kamatayan? Ano ang mangyayari sa atin sa katapusan ng mundo? Naitanong mo ba sa iyong sarili kung bakit nilikha ng Diyos ang mundo at ang lahat ng bagay para sa pangangalaga ng tao? Bakit may gabi at umaga? Bakit nilikha Niya ang araw at ang buwan? Ano nga ba ang dapat nating gawin habang tayo ay nabubuhay dito sa mundo? Tayo ba ay nilikha ng Diyos upang kumain, uminom, at magpakasaya lamang bago tayo pumanaw? Kung ating ihahambing sa isang tula ng isang makata:

Hindi ko alam kung saan ako nanggaling
At nasumpungan ko ang aking mga paa na naglalakad sa lansangan
Sa kanilang pakiusap ako ay nagpatuloy at huminto
Ano ang aking ginagawa dito?
Paano ko nasumpungan ang lansangan?
Hindi ko alam! Hindi ko alam! Hindi ko alam!

Maraming ulit na binigyang-diin sa mga talata ng Banal na Qur'an[2] na hindi tayo nilikha ng Allah ng walang kadahilanan. Sinabi Niya: Ano! Sa palagay ba ninyo'y nilikha Ko lamang kayo bilang laro lamang, At kayo ay hindi magbabalik sa Akin?[3] Kanya rin sinabi: "Ano! Inakala ba ninyong hahayaan kayo sa inyong kagustuhan lamang?"[4] Dagdag pa dito, Kanyang sinabi: **"Inisip ba ninyo na kapag inyong sinabi:"Kami ay naniniwala,"** **at kayo ay hindi mananagot?**"[5] Katotohanan, nilikha ng Allah ang mga tao ng may dahilan at ng may kadahilanan: **ANG SAMBAHIN LAMANG SIYA** (Kaisahan). At sinabi Niya:"**Hindi ko nilikha ang Jinn at ang Tao maliban sa Ako ay kanilang sambahin lamang. Ako ay hindi nangangailangan ng**

---

Para sa inyong kaalaman at Ipinababatid na ang hinalaw na sipi ng babasahing ito na nagmula sa Qur'an ay ang pinakamalapit na kasing kahulugan nito sa pagkakasalin buhat sa salitang Arabe. Hindi ito ang lihitimong salita nito.

[2] Ang Qur'an ay ang Banal na Aklat na ipinahayag kay Propeta Mohammad (sumakanyan nawa ang awa at kapayapaan ng Tagapaglikha) Ang detalyadong kahulugan ng Qur'an ay ipinaliwanag sa pahina 22.

[3] Qur'an 23:115

[4] Qur'an 75:36

[5] Qur'an 29:2

**kahit na anong tulong na magmumula sa kanila o kaya ako ay pakainin nila. Katotohanan Ang Allah**[6] **ay Ang Tagapagbigay, Ang nagtataglay ng lahat ng lakas, at Matatag.**"[7] Sa katotohanan ang lahat ng mga Propeta ay nagsabi sa kanilang mga nasasakupan na walang dapat sambahin maliban sa Nag-iisang Diyos lamang (kaisahan) at itigil ang pagsamba sa lahat ng Kanyang mga nilikha. (paganismo) Sinabi ng Diyos**:"Ako ay sadyang nagpadala sa lahat ng nasyon ng mga Propeta ng may kautusan: Sumamba sa Allah at iwasan ang pagsamba sa mga huwad na diyos diyosan.**"[8]

Si Propeta Abraham halimbawa, siya ay naniniwala sa Nag-iisang Diyos, na walang katambal. Ang sino man na may ibang paniniwala hinggil sa Diyos ay sumasalungat sa relihiyong sinusunod ni Abraham at siya ay naliligaw ng landas. Sinabi ng Diyos sa banal na Qur'an **"Ang mga yaong hindi tumatanggap sa**

---

[6] Ayon sa Qur'an, ang salitang "Allah" ay ang tanging pangalan ng "Diyos"

[7] Qur'an 51:56-58

[8] Qur'an 16:36

**relihiyon ni Abraham ay niloloko nila ang kanilang mga sarili."**[9] Si Propeta Jesus ay nagwika sa Mabuting Balita (Gospel) at sinabi niya: *"Ito ay nasusulat: Sambahin ang Panginoon ang inyong Diyos at paglingkuran lamang siya."*[10] Si Propeta Hacob ay nagwika din sa kanyang mga nasasakupan at sinabi sa Banal na Qur'an **"Katotohanan, yaong inyong mga sinasamba maliban sa Allah ay mga pangalan lamang na ikaw at ang iyong mga ninuno ay kanilang ginawang diyos, na kung saan ang Allah ay hindi nagbigay ng kahit anong kapangyarihan sa kanila. Ang pag-uutos ay pag-aari lamang ng Allah. Kayo ay Kanyang inutusan na walang sasambahin maliban sa Kanya lamang. Ito ang tunay na relihiyon, subalit karamihan sa inyo ay hindi ito nauunawaan."**[11]

## II. ANG BASIKONG MENSAHE NG ISLAM

Ang basikong mensahe ng Islam ay kagaya ng mensahe ng mga hinirang na Propeta: Sambahin

---

[9] Qur'an 2:130
[10] Lukas 4:8
[11] Qur'an 12:40

lamang ang Nag-iisang Diyos at iwasan ang sumamba maliban lamang sa Kanya, ito man ay tao, lugar o bagay, direkta o hindi direkta. Ang basikong katuruan na ito ang Kaisahan (Monotheism) ay napapaloob sa pambungad na Kapitulo ng Banal na Qur'an ang Surat Al- Fatiha, talata 5:**"Ikaw lamang ang aming sinasamba at Ikaw lamang ang aming hinihingan ng tulong."** At **Ang Diyos ay nagwika: "Sambahin ang Allah at huwag bigyan Siya ng katambal."**[12] At si Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ang huling propeta ay naulat na nagsabi: "Ang sino man ang magsabi: Walang sinuman ang may karapatang sambahin kundi ang Allah, at sinuman ang mamatay na tangan ang paniniwalang ito, ang paraiso ay naka garantiya sa kaniya**."**[13]

---

[12] Qur'an 4:37

[13] Sahih Al-Bukhari (5827) at Sahih Muslim (94).

## III. KATUNAYAN NA TANGING DIYOS LAMANG ANG DAPAT SAMBAHIN

**Tanging ang Diyos lamang ang dapat sambahin sapagkat Siya ang Tagapaglikha at Nagpapanatili ng lahat na nabubuhay dito sa daigdig**. Ang kamanghamanghang daigdig na ito at ang lahat na matatagpuan dito kailan man ay hindi magiging produkto ng pagkakataon lamang o kaya ay may kakayahang likhain ang kanyang sarili. Ang makapagpapatotoo na ang Nag-iisang Diyos ay ang tanging Tagapaglikha ay makikita sa kabuuan ng mundo at sa natatanging kaluluwa ng bawat tao. Winika ng Diyos sa Qur'an**:"Ang Allah ang siyang lumikha ng langit at lupa; at gumawang ang tubig ay bumaba sa langit, sa pamamagitan noon Siya ay gumagawa ng mga bunga bilang pagkain para sa inyo, upang ang mga barko ay makatakbo sa dagat sa Kanyang utos; at gumawang makatulong sa inyo ang mga ilog. At Siya ay gumawang ang araw at buwan ay walang pagbabago sa kanilang mga pinatutunguhan at maging tulong sa inyo at gumawang makatulong sa**

**inyo ang araw at gabi. At Siya ay nagbigay sa inyo ng lahat ng inyong hinigi sa Kanya."**[14]

Sa Qur'an, isinalaysay ng Diyos kung papaano na si Propeta Abraham ay nagsaliksik ng katotohanan ay isang mabuting halimbawa kung papaano yaong mga sumusunod sa mga palatandaan ng Diyos ay tunay na gagabayan Niya na Siya lamang ang kanilang sasambahin; Winika ng Diyos: "**Kaya Aking ipinakita kay Abraham ang kaharian ng mga langit at ng lupa upang siya ay maging sa mga yaong nagmamay-ari ng katiyakan. At ng ang gabi at siya ay balutan ng dilim, nakita niya ang isang bituwin at kanyang sinabi: Ito ay aking Panginoon. Ngunit ng ito ay bumaba at siya ay nag wika, Hindi ko mahal ang mga bagay na nawawala." "At nang kanyang makita ang buwang tumatas, siya ay sumigaw: Ito ay aking Panginoon. Ngunit nang ito ay bumaba sabi niya: Maliban, kung ang aking Panginoon ang pumatnubay sa akin ako talaga ay isa sa taong naligaw. At nang kanyang nakita ang araw na tumaas, siya ay sumigaw: Ito ang aking Panginoon! Ito ay higit na dakila! At nang**

[14] Qur'an 14:32-34

**ito ay bumaba siya ay sumigaw: O aking mga tao! Ako ay Malaya sa lahat na inyong inihalintulad (sa Kanya). Katotohanan, Ipipihit ko ang aking mukha patungo sa Kanya ang lumikha ng langit at lupa, at itinatakwil ko yaong mga taong nagtatambal at sumasamba sa huwad."**[15] Ang totoo, sa Qur'an ay tinawag ang mga tao ng Diyos upang palagiang pagmasdan ang Kalawakan, sapagkat ito ay nagpapatunay sa tunay na katotohanan ng Kanyang Kapanatilihan, Siya ang Makapangyarihan at walang dapat na sambahin maliban sa Kanya, Ang Diyos ang may karapatan na Siya ang sambahin sapagkat siya lamang at wala ng iba ang tumutugon sa ating mga dasal at mga dalangin. At sinabi ng Diyos sa Qur'an: **"At ang inyong Panginoon ay nagsabi: Dumalangin sa Akin at Aking pakikingan ang inyong mga dalangin."**[16] Magkaganoon pa man, kung ang mga tao ay dumadalangin sa mga diyus-diyosan at ang kanyang hiling ay tinugon, hindi ang diyus-diyosan ang tumugon ng kanyang dalangin, bagkos ito ay tinugon ng natatanging Diyos. Kagaya nito, ang pag-aalay ng

---

[15] Qur'an 6:75-79
[16] Qur'an 40:60

dasal kina Hesu Kristo, Buddha, Krishna, Santo Christopher, Santo Huda o kay Propeta Muhammad, hindi sila ang nagbigay katugunan sa mga hiling na kanilang inilapit sa mga ito kundi ito ay ipinagkaloob ng Nag-iisang Diyos. Samakatuwid, ang pagsasagawa ng dasal ay isang gawa na pagsamba, na dapat na ituon ang pagsasagawa nito tanging sa Diyos lamang.

Ang katotohanan nito, ang mga Propeta na sinamba maliban sa Kanya ay hindi kailan man sinabi ng mga ito na sila ay sambahin. Bagkos, binalan ng mga Propeta ang mga tao na gawin nila ito. Halimbawa, itinuturo sa Islam na si Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay isa ring tao na kagaya natin na nilikha ng Diyos sa milagrong paraan. Ipinanganak siya ni Birheng Marya na walang ama at kagaya natin si Jesus ay sumasamba rin sa Diyos. Hindi siya Diyos, at lalong hindi siya anak ng Diyos. Si Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay hindi kagaya ng iniisip ng mga Kristyano na siya ay ang Diyos na nagsa katawang tao, anak ng Diyos na sumasakanya ang pagka diyos at taglay niya rin ang diyos ispiritu santo at hindi rin siya kagaya ng iniisip ng mga Hudyo na anak ng isang bayarang babae. Sinabi ni Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa kanyang mga

nasasakupan (Ang tribo ng Israel) tanging ang Diyos lamang ang dapat na sambahin. Hindi niya sinabi kailan man na siya ay sambahin pati narin ang kanyang inang si Marya. Dagdag pa dito, si Propeta Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) kailan man ay hindi niya sinamba ang kanyang sarili sa mga oras na siya ay sumasamba bagkos siya ay tumatawag at gumagawa ng pagsamba sa Nag-iisang Diyos. Ngunit, ang mga nagsasabing sila ay isa sa tagasunod ni Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa mga panahong ito ay nagpapatotoo na sinamba rin ni Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang kanyang sarili, sinasabing siya rin ang tunay na diyos, at karamihan sa panahon ngayon ay sinasamba si Marya sapagkat sa pagkakaalam nila na siya ang "Ina ng Diyos." Sinabi ng Diyos sa Banal na Qur'an na si Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay tatanungin hinggil dito sa Araw ng Paghuhukom: "**O Jesus anak na lalaki ni Maria! Ginawa mo bang sabihin sa sangkatauhan: Kunin ako at ang aking ina bilang dalawang maykapal bukod sa Allah? Siya ay nagsabi: Maging kapuripuri! Hindi sa akin ang magsalita niyang doon ay wala akong karapatan. Kung aking dating sinabi ito sa gayon Ikaw ang nakaka-alam nito. Ikaw**

**ang nakaka-alam ng anong nasa aking isip at ako ay hindi nakakaalam ng anong nasa Iyong isip. Katotohanan, O! Ikaw, Ikaw lamang ang siyang Tagaalam ng Mga Nakatagong Bagay.Ako ay nagsalita sa kanila lamang kung ano ang Iyong ipinag-utos sa akin, (nagsasabi): Sabihin, Ang Allah ang aking Panginoon at ang inyong Panginoon. Ako ay isang saksi sa kanila habang ako ay namamalagi sa kanila, at ng ako ay Iyong kunin, Ikaw ang tagamasid sa ibabaw nila. Ikaw ay saksi sa ibabaw ng lahat ng mga bagay."[17]**

Binigyang-diin ng Diyos sa Qur'an na ang Propetang Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay hindi pinatay o ipinako sa krus, subalit siya ay ini-akyat ng Diyos sa langit na taglay ang kanyang katawan at espiritu at ibabalik siya sa lupa bago dumating ang katapusan ng mundo. Sinabi ni Propeta Muhammad na si Propeta Jesus (nawa'y ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay mapasaasakanya) ay maghahari sa lupa ayon sa batas Islamiko tulad ng ordinaryong tao, ililibing at muling

[17] Qur'an 5:116 - 117

ibabangon tulad nila sa araw ng paghuhukom. Datapwa't si Propeta Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) din ay binigyan ng buhay, ipinanganak mula sa sinapupunanan ng isang babae, tinulian, kumakain, natutulog, gumagamit ng banyo, nagdarasal, at mamamatay, siya ay hindi dapat ituring na isang Diyos dahil lahat ng katangiang ito ay hindi katangian ng Diyos, kundi ng Kanyang nilikha.

Nakasaad sa Lumang Tipan na tinuruan ni Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang kanyang mga alagad na manalangin sa Diyos gaya ng: "Ama[18] Namin, sumasalangit ka, sambahin ang ngalan mo, mapasa amin ang kaharian mo, sundin ang loob mo dito sa lupa at para ng sa langit."[19] Sinabi niya rin na yaon lamang nagpapasakop sa Diyos ang makakaparoon sa paraiso: "Walang sinumang tumatawag na "Panginoon" ay makakapasok sa kaharian ng Diyos, kundi iyon lamang sumusunod sa

[18] Ito ay isang halimbawa at pagpapatunay ng mga maling gamit na salita na matatagpuan sa Bibliya "Ama" na dapat ay "Diyos".

[19] Lucas 11:2 / Mateo 6:9-10

kalooban ng Diyos na nasa langit."[20] Sinabi rin ni Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) na siya man ay nagpasakop sa kalooban ng Diyos: "Wala akong magagawa sa sarili ko. Humahatol ako ayon sa aking narinig at ang aking hatol ay matuwid dahil hindi ko sinusunod ang sarili ko kundi ang kalooban ng Diyos na siyang nagpadala sa akin."[21] Sa Katunayan, maraming ulat sa Bibliya na pinapatunayan ni Propeta Jesus (sumakanya nawa ang kapayapaan) sa kanyang mga alagad na siya ay hindi Diyos. Halimbawa, ng kanyang tinuran ang huling oras, sinabi niya: **"Walang sinumang nakakaalam ng araw o oras, kahit na mga anghel sa langit, o anak ng Diyos[22] kundi ang Ama lamang."[23]**

Si Buddah ay isang repormador o tagapagwasto na nagpabatid ng maraming simulaing pangtao sa relihiyong Hindu na isinasagawa sa India. Hindi niya inangkin na siya ay Diyos, o ini-utos sa kanyang mga

---

[20] Mateo 7:21
[21] Juan 5:23
[22] Ito ay isang halimbawa at pagpapatunay ng mga maling gamit na salita na matatagpuan sa Bibliya "Anak" na dapat ay "ang alipin".
[23] Marcos 13:32

tagasunod na siya ay sambahin. Subalit ngayon, karamihan sa Budista ay tinuturing siyang diyos at gumawa sila ng mga rebulto na kahalintulad niya. Sa madaling salita, lahat ng uri ng relihiyon ngayon, (maliban sa Islam) ay humihimok na sambahin ang mga nilikha.

**Ang katangian ng Diyos ay nagpapatunay na tanging Siya lamang ang dapat sambahin.** Siya ay nag-iisa, walang kamag-anak, walang ama, anak, ina o asawa. Siya ang walang hanggang Diyos, hindi siya nanganak o ipinanganak, at wala siyang kahalintulad. Siya ay perpekto sa karunungan, kapangyarihan, kalooban, awa at sa lahat ng kanyang katangian. Ang Diyos ay makapangyarihan at perpekto, samantalang ang tao ay mahina at may kapintasan. Iyan ang pamaraan kung papaano niya binigyang kahulugan ang Kanyang sarili at sa kung papaano rin na ang lahat ng Propeta ay binigyang patungkol ang Kanyang katangian.

Ang isa pang katibayan na Diyos lamang ang nararapat sambahin ay sa pamamagitan ng kaluluwa na isang tao. Itinuturo ng Islam na lahat ng nilalang ay

tungkol sa Diyos at ang kaunawaan na sambahin Siya. Sa Qu'ran, ipinaliwanag ng Diyos na noong likhain Niya si Adan, ginawa Niyang lahat ang lahi ni Adan at Kanyang pinabatid sa mga ito at sinabi: **"Hindi ba ako ang inyong Diyos? At sumagot silang lahat: Oo at ito ay aming pinatutohanan."** At ipinaliwanag ng Diyos kung bakit ginawa Niyang malaman ng lahat na Siya ang Tagapaglikha at tanging Diyos na dapat sambahin: **"Upang kung sakaling ang sinumang nilalang, ay sasabihin na sa araw ng muling pagkabuhay: Oo nga, hindi namin nalalaman ito."** Muling ipinaliwanag ng Diyos ang bagay na ito sa pagsasabi: **"Upang sakaling inyo ring sabihin: Ang aming mga ninuno na nakilala ang Allah, at kami ay kanila lamang mga lahi, kami din ba ay inyong tutupukin dahil sa ginawa ng mga sinungaling na yaon?"**[24] Kung kaya't sinumang tao na nakisalamuha sa Diyos sa pagsamba ay hindi maaaring sabihin na sa araw na iyon wala silang alam na ang Allah ang tanging Diyos na karapat-dapat sambahin.

Ayon kay Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya)

[24] Qur'an 7:173

sinabi ng Diyos: **"Nilikha ko ang mga alipin sa tunay na relihiyon, ngunit niligaw sila ng demonyo."[25]** Kanya ding sinabi**: "Bawat bata ay ipinanganak bilang Islam. Subalit ang kanyang magulang ay ginawa silang Hudyo, Kristyano at Zoroastriano."**[26] Kung ganon, Islam ang katutubong karapatan ng bawat nilalang, dahil ang bawat bata ay ipinanganak na may natural na paniniwala sa kapanatilihan ng Diyos at may katutubong inklinasyon tungo na sambahin lamang siya. Tulad ng isang bata na isinusuko ang pisikal sa batas na ipinatutupad ng Diyos sa mundong pisikal, ganun din ang kaluluwa ay nagpapasa-ilalim sa katotohanan na ang Diyos ang tanging Panginoon at Manlilikha. Subalit kung ang kanilang magulang ay sumusunod sa ibang direksyon, ang bata ay kadalasang mahina at hindi kayang mabatid ang katotohanan at humahantong sa pagsunod sa kalooban ng magulang. Sa ganoong bagay, ang relihiyon na sinusunod ng isang bata ay base sa nakasanayang kaugalian at pagpapalaki. Subalit ang Diyos, na Maawain at Mahabagin, ay hindi siya

[25] Sahih Muslim (2865)

[26] Sahih AlBukhari (1385) at Sahih Muslim (2658).

parurusahan sa pagsunod sa maling relihiyon bago siya dumating sa tamang edad at sumailalim sa tunay na kahulugan ng Islam.

## IV ANG MENSAHE NG MGA MALING RELIHIYON

Ang huwad na relihiyon sa kabilang banda, ay nagtuturo ng pagsamba sa nilikha (Paganismo). Ang ibang relihiyon ay sumasamba sa diyus-diyosan habang ang iba naman ay malayang sumasamba sa ibang diyos maliban sa tunay na Diyos, imbes na gumawa ng pagsamba sa Nag-iisang Diyos lamang (pure Monotheism). Ang pagsamba sa diyus-diyosan ang pinakamalaking kasalanan na magagawa ng isang tao, sapagkat binigyang kahalintulad ang Lumikha sa nilikha at ibaling ang pagsamba mula sa Lumikha tungo sa nilikha. Ito rin ay sumasalungat sa tunay na dahilan kung bakit nilalang ang tao: **ang pagsamba sa Diyos lamang**. Ang sinumang namatay na sumamba sa diyus-diyosan ay hinatulan na ang kanyang kalagayan sa kabilang buhay. Hindi ito isang palagay, kundi isang katotohanang inilahad ng Diyos sa Qu'ran: **"Tunay, hindi patatawarin ng Allah ang sinumang sumamba sa iba maliban sa Kanya, ngunit**

**mapapatawad Niya ang mas maliit na kasalanan sa sinumang ibig niyang patawarin".**[27]

**Ang tao ay hindi dapat sumamba sa iba maliban sa Diyos lamang** dahil walang kabuluhan ang pagsamba sa nilikha na sadyang mahina, at balewalain ang Lumikha na siyang may kapangyarihan sa buong sangkatauhan. Sinabi ng Diyos sa Qu'ran: **"Inihahalintulad ba nila ako sa iba na nilikha ko lamang? Hindi nila matutulungan ang iba maski man ang sarili nila. At kung hihingi ka sa kanila ng tulong ay hindi sila susunod. Ganoon din sa iyo tawagin mo man sila o manahimik ka. Samakatuwid, sinumang tinatawag mo maliban sa Allah ay alipin na tulad mo. Kaya tumawag ka sa kanila at hayaan mo silang sumagot kung ikaw ay matapat. Meron ba silang paa na pinanlalakad, kamay na pinanghahawak, mata na gamit upang makakita? O meron silang tenga na ginagamit para makadinig?"**[28]

Ang sumusunod ay halimbawa ng mga senyales na ipinakita ng Diyos sa tao upang ipakita ang kasalanan sa pagsamba sa diyus-diyosan.

[27] Qur'an 4:48 at 116
[28] Qur'an 7:190-195

Sa silangang bahagi ng kuweba ng Brazil, South America, isang tribo ng mga primitibo ang nagtayo ng bagong kubo upang itira ang kanilang sinasamba na si Skwatoo, kumakatawan na pinakamataas na Diyos ng buong nilalang. Kinabukasan, isang batang lalaki ang pumasok sa kubo upang sumamamba sa kanilang diyos. Habang siya ay tahimik na sumasamba sa bagay na itinuro sa kanya na sa kanya ay may likha, isang marumi, matanda at magarapatang aso ang pumasok sa kubo. Sa isang iglap ay nakita ng bata na itinaas ng aso ang kanyang isang paa at inihian ang kanyang iniidolo. Siya ay nagalit at pinagtabuyan ang aso, subalit ng humupa ang kanyang galit, ay napagtanto niya na ang kanyang iniidolo ay hindi maaaring maging Panginoon ng buong nilalang. Naisip niyang ang Diyos ay maaaring nandiyan lamang. Nakapagtataka man, ang asong umihi sa idolo ay isang senyales sa bata na ang kanyang idolo ay hindi dapat sinasamba. Ang senyales na ito ay naglalarawan ng makalangit na mensahe na ang kanyang sinasamba ay huwad na diyos. Ito ang nagpalaya sa kanya mula sa pagsunod sa nakagisnang katuruan na pagsamba sa huwad na diyos. Dahil dito, ang batang

ito ay pinapili: ang sumamba sa tunay na Diyos o ipagpatuloy ang ginagawa niyang mali.

## V. ANG DIYOS AT ANG KANIYANG MGA NILIKHA

Binigyang diin ng Islam na ang Diyos at ang Kanyang nilikha ay dalawang magkakaibang bagay. Ang Diyos ay hindi kabilang sa nilikha at hindi rin isinama dito. Ang Kanyang nilikha ay hindi Niya kapantay o katulad sa Kanyang katangian. Ang Diyos ang pinakamataas sa lahat; higit pa Siya sa Kanyang nilikha, mataas pa sa langit at sa kanyang trono, tulad ng pagkakalarawan niya sa kanyang sarili sa libro ng Qu'ran at sa mga naunang kasulatan (scriptures). Ito ay isang bagay na karaniwan, subalit ang pagsamba ng tao sa nilalang imbes na sa Tagapaglikha ay may malaking kinalaman sa pagiging mangmang o kakulangan sa kaalaman. Ang maling pananaw na ang Diyos ay matatagpuan sa Kanyang nilalang at Siya ay kasama sa Kanyang nilikha, ay nagbibigay patibay sa pagsamba sa nilikha ng Diyos. Ang mga pilosopong sumasamba sa diyus-diyosan ay ipinagtatangol ang pagsamba sa diyus-diyosan sa pagsasabing hindi naman talaga nila sinasamba ang bato o imaheng

gawa sa metal, kundi ang Diyos na nilalarawan nito. Sinumang naniniwala sa konsepto na ang Diyos ay naglalarawan sa anumang bagay na Kanyang nilikha ay magiging daan upang paniwalaan ang argumento ng pagtatanggol sa diyus-diyosan.

Kung sabagay, yaong mga umaangkin ng kaluwalhatian sa kanilang sarili magmula noong una pang panahon ay ibinabase ang kanilang pag-angkin sa maling paniniwala na ang Diyos ay nananahan sa tao. Kanila ding inaangkin na ang Diyos ay nasa sa kanila kaysa sa iba, kaya ang tao ay dapat magpasakop at sambahin sila bilang Diyos na nabuhay o Diyos na nananahan sa kanilang pagkatao. Ganun din naman, yaong mga nagsasabi na ang iba ay Diyos, matapos silang mamatay, ay nakatagpo ng matibay na ebidensiya doon sa mga sumasang-ayon sa maling paniniwala na ang Diyos ay nananahan sa tao.

Ang ibang sumasamba sa diyus-diyosan ay pinagtatangol ang kanilang paniniwala sa pagsasabing: “Tinuturing namin ang diyus-diyosan bilang tagapamigatan namin at ng Diyos.” Ito man ay isang maling paniniwala dahil ang Diyos ay hindi

kailangan ng tagapamagitan Niya sa tao. Naririnig Niya ang lahat at alam din Niya ang pangangailangan ng sanlinbutan. Datapuwa't ang paniniwalang ito ay nagpapababa sa katayuan ng Diyos sa pag-itan ng Kanyang nilikha na madalas gumagamit ng tagapamagitan upang makamit ang kanilang hangarin. Sa mahigit isang daang bersikulo ng Qu'ran, hinimok ng Diyos ang tao na magkaroon ng direktang relasyon sa Kanya na hindi kailangan ng tagapamagitan, at Kanyang pinagbawalan ang mga ito na sumamba sa kahit sino maliban sa Kanya sa anumang paraan o pagtatanggol. Ang Diyos, na Pinakamarunong sa lahat, ay hindi nag-utos sa tao na gumawa ng sariling batas relihiyon na makakasira sa direktang relasyon ng Diyos sa tao, tulad ng pagsasagawa ng binyag, sa kumpisal, o paniniwala sa tao bilang tagapagligtas, o bilang tagapamagitan. Tunay na ang Diyos ay pinakamataas at perpekto upang gumawa ng isang bagay na makapagpapababa sa Kanyang sarili bilang mahina at may kapintasan. Ang maniwala na ang Diyos ay nagpakumbaba at nagkatawang tao ay naniniwala na siya ay naging mahina. At ang naniwala na pinili Niyang mamatay ay nangangahulugan na pinili Niyang

maging mahina tulad ng Kanyang mga nilikha. Ito ay nangangahulugan din na yaong mga buhay ng Siya ay mamatay ay mas makapangyarihan kesa sa Kanya.

Bilang pagtatapos, lahat ng maling relihiyon ay may iisang konsepto tungkol sa Diyos: na ang Diyos at ang Kanyang nilikha ay iisa. Naniniwala sila na lahat ng tao ay Diyos, o ang isang tao ay Diyos, o ang kalikasan ay tao, o ang Diyos ay kathang isip lamang, o ang tao ay tagapamagitan ng Diyos at ng sangkatauhan. Kung gayon, masasabi natin na ang maling relihiyon ay humihimok sa tao na sumamba sa nilikha imbes na sa lumikha sa pamamagitan ng pagtawag sa nilikha bilang "Diyos."

## IV. ANG PANGALAN NG RELIHIYON

Ang isa pang magpapatunay na ang Islam ay ang tunay na relihiyon ay mababatid sa kahulugan ng salitang "Islam." Ang salitang "Islam" ay isang Arabikong salita na ang ibig sabihin ay pagpapasakop at pagsunod. Bilang isang relihiyon, ang Islam ay may dalawang kahulugan, ang pangkalahatan at pangkaisahan. Bilang pangkalahatan, ang Islam ay

tumutukoy sa relihiyon na ipinahayag ng Diyos sa lahat ng propeta: Ang pagsamba sa Nag-iisang Diyos (Monotheism) at ang pagtalikod sa Paganismo. Ito ang dahilan kung bakit sa Qu'ran ang lahat ng propeta ay tinatawag silang Muslim[29]. Subalit, ang salitang Islam ay tumutukoy din sa relihiyon na pinahayag ni Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya). Wala sa mga nagdaang relihiyon ang binigyan ng Diyos ng natatanging pangalan maliban sa huling relihiyon – ang Islam.

Ang Islam ay hindi ipinangalan sa isang tao o grupo ng mga tao, o kaya naman ay dinesisyonan pagkatapos ng ilang henerasyon ng tao. Ang salitang Islam ay ibinigay mismo ng Diyos na malinaw sa maraming talata (ayat) sa Qu'ran, halimbawa: **"Tunay, ang tanging relihiyon na tinatanggap ng Allah ay**

[29] Samakatuwid, ang isa sa atin ay hindi dapat sabihin na ang Islam ay isang kabaguhan na dinala ni Propeta Mohammad (ang awa at kapayapaan ng Diyos ay sumakanyan nawa), bagkos ito ay isang tunay sa mensahe ng Diyos (sa kanyang pundamental) sa buong kasaysayan ng mga Propeta .

**Islam.”**[30] Sa kabilang banda, ang Kristiyanismo ay ipinangalan mula kay Hesukristo (ng kanyang tagasunod), at ang Judaismo ay mula sa tribo ng Judah. Subalit, hindi binanggit saan man sa bibliya na ang relihiyon ng tagasunod ni Propeta Isaac at Mosies at ang kanilang lahi ay tatawaging Judaismo, o ang relihiyon ng tagasunod ni Kristo[31] , ay tatawaging Kristiyanismo. Sa madaling salita, ang pangalang “Judaismo” at “Kristiyanismo” ay walang banal na pinagmulan. Matapos makaalis ni Jesus at saka pa lamang pinangalanan na Kristiyanismo ang relihiyon sa mga nagsasabing sila ay tagasunod ni Jesus. Ganito rin nangangahulugan ang Buddhismo, na pinangalan mula kay Gautama Buddah, Confucianismo mula kay Confucious, Marxismo mula kay Karl Marx, at Hinduismo mula sa mga Hindu, atbp.

---

[30] Qur'an 3:19

[31] Ang pangalang Jesus at Kristo ay pawang hinango sa salitang Hebreo, sa pamamagitan ng salitang Griyego at Latin. Ang Jesus ay katumbas ng salitang Ingles at sa Latin na anyong Grego “Iesous” na sa Hebreyo ay “Yeshua.”. Ang “Critos” ay isinalin sa Greyegong salita na nagmula sa Hebrew “messiah” na ang ibig sabihin ay “ang pinahiran”

## VII. ANG ANIM NA HALIGI NG PANANAMPALATAYANG ISLAM

Ang Islamikong paniniwala ay naka batay sa anim na haligi ng pananampalataya:

1. **Paniniwala sa Diyos.** Ito ay naglalaman ng mga sumusunod na paniniwala:
    - Paniniwala sa pagkakaroon ng Diyos. Ang paglikha sa tao at buong mundo ay hindi isang aksidente lamang o produkto ng pagkakataon lamang. Ang mundong ito at lahat ng bagay sa mundo ay naglalarawan sa pagkakaroon ng Nag-iisang Tagapaglikha.
    - Paniniwala na ang Diyos ay Tagapaglikha, Ang Tagapagpanatili, may-ari ng mundo at lahat ng bagay sa mundo, nagkakaloob ng lahat, nagbibigay ng buhay at nagbibigay kamatayan.
    - Paniniwala sa kaisahan ng Diyos na siya lamang ang may karapatang sambahin.
    - Paniniwala na ang pangalan at katangian ng Diyos ay walang katulad at Siya ang

Kataastasan na kalian man ay hindi kayang ihalintulad Siya sa Kanyang mga nilikha, sinabii ng Diyos sa Banal na Qur'an: "Walang anupamangg bagay na makaktulad sa Kanya, at Siya ang Ganap na nakakarinig , ang Lubos na Nakamamasid."[32]

**2. Paniniwala sa mga Anghel.**

Ang anghel ay nilikha ng Diyos sa mundo para sa natatanging layunin lamang. Sila ay hindi nakikita at wala silang sariling desisyon; sila ay sumusunod ayon sa pinag-uutos ng Diyos. Hindi sila dapat sambahin. Si Gabriel Arkanghel ay tagapaghatid ng balita sa mga propeta. Dalawang anghel ang inutusan sa bawat tao upang itala ang mabubuti at masasamang gawa. Ang isang anghel ay humihimok sa tao na gumawa ng mabuti. Ang iba naman ay hinihipan ang espiritu ng nasa sinapupunan pagdating ng ikaapat na buwan at ang iba naman ay kinukuha ang espiritu sa oras ng kamatayan ayon sa kalooban ng Diyos. Maraming

---

[32] Qur'an 42:11

anghel na may ibat ibang katungkulan na hindi kayang talakayin lahat sa aklat ito.[33]

**3. Paniniwala sa Kapahayagan.**

Ang artikulong ito ng pananampalataya ay kumakatawan sa paniniwala sa kapahayagan na pinahiwatig ng Diyos sa kanyang mensahero sa orihinal na paraan. Ang kapahayagang ito ay nagpapaliwanag ng mga mensaheng natanggap ng mensahero upang ipakita sa tao ang tunay na daan tungo sa Diyos. Lahat ng aklat na inihayag ay naghihimok na sumamba sa Nag-iisang Diyos at iwasan ang pagsamba sa iba maliban sa Kanya. Subalit, dahil sa pagkakaiba-iba ng mga bansa sa oras at lugar, nagkaroon ng pagkakaiba sa turo (Batas sa pag-itan ng Kapahayagan ayon sa karunungan ng Diyos).

Ang mga Muslim ay naniniwala sa mga naunang aklat na binanggit sa Qu'ran: ang aklat ni Abraham (Suhuf), Moises (Torah), Awit ni David (Suboor)

[33] Tingnan para sa detalye "Ang paglalahad ng tatlong pundamental" ni Sheikh Muhammad S. Al-Othaimeen, inilathala sa Alhidaayah, U.K.

at ang Gospel ng Propeta Jesus (Al-Injeel). Subalit, noon pa mang bago dumating si Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya), ang lahat ng ito ay nawala, napalitan ang mga nilalaman o kaya ay sinira ng mga sumunod na henerasyon sa pagdaloy ng panahon. Sila ay nilason ng mga kathang-isip, kababalaghan, pagsamba sa diyus-diyosan, at pilosopong paniniwala, na nagtataglay ng magkasalungat na kaisipan. Kung kaya't ang orihinal na bibliya ay hindi na matutunghayan pa sa kasalukuyan. Ang panandaliang pagtanaw sa nakaraan, halimbawa ang ebolusyon ng Kristiyanismo mula sa tunay na monoteismo tungo sa trio-teismo simula sa unang 400 taon pagkatapos ng pag-alis ni Jesus ay malinaw na nagpapakita ng pagkasira ng prosesong ito[34].

[34] Tingnan "Ang tunay na Mensahe ni Hesu Kristo", "Jesus – Propeta ng Islam", "Ang Mitolohiya ng Diyos na Nagsakatawang tao", para sa dagdag kaalaman sa paksang ito.

## ANG QU'RAN

Subalit ang Diyos, na Mahabagin, ay hindi hinayaan na maligaw ang tao ng walang pagbabatayang malinaw na kasulatan. Kung kaya, inilahad niya ang Qu'ran at nangakong iingatan ito bilang huling pahayag para sa sanlibutan sa lahat ng panahon. Ito ang salita ng Diyos na ipinahayag Niya kay Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) sa pamamagitan ni Gabriel Arkanghel. Ito ay unti-unting inihayag sa loob ng dalawampu't tatlong taon. Inihayag ni Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ang kapahayagan sa kanyang mga kasamahan na siyang nagsulat nito noong kanyang kapanahunan sa mga dahon ng palmas, pergamino, buto, patag na bato, atbp. Bilang karagdagan, ang Qu'ran ay buong pusong inihayag ng mga kasamahan ni Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya). Isang taon makalipas ang kamatayan ni Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya), ang unang Kalifa, Abu-Bakr, ay

inutusan ang mga kasamahan ni Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na likumin ang buong Qu'ran sa isang tomo (volume). Ang ikatlong Kalifa, Uthman, ay inihanda ang iba't ibang sipi mula sa orihinal na teksto at ipinadala sa iba't ibang dako ng sibilisasyon ng Islam. Mula noon, mahigit 400 na daan taon ang nakalipas, ganoong teksto ng Qu'ran pa din ang ginagamit na may eksaktong salita, pagkakasunod-sunod at lenguwahe (Arabiko). Kahit isang salita mula sa 114 Kapitulo ay hindi ito napalitan mula ng ito ay inihayag. Tunay, ipinangako ng Diyos sa Qu'ran na ito ay pananatilihin magpakailanman. Tinuran niya: **"Tunay, ipinadala ko sa daigdig ang Qu'ran, at tunay, iingatan ko ito na hindi lapastanganin."**[35]

Ang mahalagang bagay na dapat unawain tungkol sa Qu'ran na ito ay milagro sa kapahayagan at

[35] Ang mga katuruan ng propeta Mohammad (ang awa at kapayapaan ay sumakanya nawa) ay nagpapaliwanag at inilalahad ang mga talata ng Banal na Qur'an. Binusisi at inilahad ang bawat detalye sa pamamaraan ng pagsamba kagaya ng pagsambang ginawa ng mga Propeta. Ang mga katuruang ito ay matiyagang tinipon at ibinahagi ng mga alagad ng Propeta Mohammad (gantimpalaan nawa sila ng Allah). Qur'an (15:9)

nilalaman. Sa panahon ng kapahayagan at simula ng may mga nagkakaila sa kabanalan at kamangha-manghang kalikasan ng Qu'ran na nagsasabing si Muhammad, (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay tinuruan lamang ng ibang tao o kaya ito ay isinulat niyang mag-isa. Upang pabulaanan ang bagay na ito, ay hinamon ng Diyos ang sanlibutan at sinabi: **"Kung ikaw ay nag-aalinlangan sa inihayag ko sa aking alipin (Muhammad), kung ganun maglabas ka ng isang Kapitulo tulad nito at tumawag ka ng iyong katulong bukod sa Allah, kung ikaw ay matapat."**[36] Ito ay nagmula sa hula na binanggit sa Qu'ran dahil walang sinuman mula sa panahon ng mga propeta magpahanggang sa ngayon ang nakagawa na tulad ng isang Kapitulo o kahit man lang isang bersikulo sa Qu'ran.

**4. Ang Maniwala sa mga Sugo ng Diyos**

Ang artikulong ito ng pananampalataya ay naglalaman ng paniniwala na inihayag ng Diyos ang kanyang mensahe sa pamamagitan ng mga pinili

[36] Qur'an 2:23

Niyang tao. Ang mga taong ito, na tinatawag na propeta at mensahero, ay pinili ng Diyos upang maging halimbawa kung paano maunawaan at maipatupad ang kasulatan. Nagpadala ang Diyos ng propeta sa bawat nasyon upang ipaalam ang mensahe na Siya lamang ang dapat sambahin at ano mang sambahin na katulad Niya o maliban sa Kanya ay hindi tama. Binanggit sa Qu'ran ang pangalan ng 25 propeta lamang at sinabi na marami pa ang hindi nabanggit ang pangalan. Ang una sa mga propetang ito ay si Adan at ang huli ay si Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya). Bawa't propeta ay ipinadala sa tamang panahon maliban kay Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na pinadala sa lahat ng tao hanggang sa mga huling oras. Ang katibayan na si Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay mensahero ng Diyos ay ang mga himalang mahigit sa isang libo na kanyang ginawa, lahat ay nabanggit sa talambuhay ng Propeta. Ang pinakamalaking katibayan ay ang milagro ng Qu'ran, na hindi kayang ipahayag maliban ng isang menshero. Kung kaya't, ang kapahayagan sa pagdating ni

Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay makikita sa libro ng Bibliya kahit na nga maraming ginawang pagbabago sa nilalaman nito (tunghayan ang Deut. 18:18, 18:15; Isaiah 29:12; Awit ni Solomon 5:16; Juan 16:12-14 & Juan 14:15-16).

**5. Ang Maniwala sa Huling Araw (Ang Paghuhukom)**

Ang Islam ay nagtuturo na ang buhay na ito ay isang pagsubok lamang sa lahat ng tao upang ipakita kung sino ang tunay na tumatalima sa kautusan ng Diyos. Sa kabilang buhay, ang lahat ng tao ay bubuhayin na mag-uli at ang bawat isa ay tatayo sa harapan ng Diyos upang husgahan sa kanilang mga ginawa dito sa mundo. Ang mga taong may mga mabubuting ginawa ay gagamtimpalaan ng Diyos at sila'y bibigyan ng magandang pagtanggap sa Kanyang Paraiso. Subalit, yaong mga may masasamang gawain ay Kanyang parurusahan at itatapon sa Apoy ng Impiyerno. Ang tao ay biniyayaan ng Diyos ng pag-iisip upang mabatid niya ang tama at ang mali, likas na simbuyo at sa pamamagitan ng kapahayagan, ang buhay ay maigsi lamang kung kaya, dapat silang pumili ng daang kanilang tatahakin.

Ang pagpili ng buhay na kanilang tinahak ay magsisilbing saksi kung saan sila nararapat sa darating na buhay na walang hanggan (sa langit of impiyerno). Ang Diyos ay nagwika sa Banal na Qur'an: **"Ang sinumang gumawa ng kabutihan na kasing bigat ng pinakamaliit na bagay ay makakakita niya sa gayon. Ang sinumang gumawa ng kasamaan na kasing bigat ng pinakamaliit na bagay ay makakakita (rin) niya sa gayon"[37]** Ang maniwala sa Darating na Paghuhukom ay nakatatak sa puso ng bawat isa sa atin sa pamamagitan ng kamalayan ng Diyos, bunsod ang tao at kapisanan (sociedad) na Siya ang sundin ng tapat ng wala kahit na ano mang pamimilit.

**6. Ang Maniwala sa Tadhana**

Kabilang dito ang maniwala sa mga sumusunod:

a) Batid ng Diyos ang lahat. Ang Kanyang karunungan ay hindi nasasaklawan ng oras kung hanggang kailan. Ang nakaraan, Kasalukuyan, Ang hinaharap ay Kanyang nababatid.

[37] Qur'an 99:7-8

b) Ang lahat ng magaganap ay nakasulat na sa aklat: Ang Presirbadong Lapida.
c) Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay dito sa mundo, kabilang dito ang lahat ng mga kilos at galaw ng tao, ang mabuti at ang masama, subalit inutusan Niya ang lahat na gumawa ng mabuti at iwasan ang paggawa ng masama.
d) Ang bawat isa ay kinakailangan na maniwala na ang lahat na nangyayari dito sa Mundo ay nagaganap sa kapahintulutan ng Diyos, at walang sinuman ang makakapigil sa Kanyang naisin. Dapat nating malaman, kahit ang lahat ng bagay ay batid na ng Diyos hindi nangangahulugan na ang lahat ng tao ay walang kalayang pumili ng kanilang nais na gawain. Ang mga tao ay pumipili, subali't batid na ng Diyos kung ano ang kanilang pipiliin.

**VIII. ANG HALIGI NG ISLAM**

Ang Pagsamba sa Islam ay napapalooban ng lahat ng takdang galaw at kasabihan na ang pagmamahal ng Diyos lamang. Ang bawat kalinisang galaw na gumawa ng may tangkang daladalahin ang mga ipinag-uutos ng Diyos at naghahanap sa Kanyang

kasiyahan ay isa-alang-alang na ito ay isang gawang pagsamba. Ganoon pa man, mayroong limang katiyakang gawang pagsamba na kailangang bigyang pansin. Ang mga ito ay tumatayong balangkas ng pang-ispiritual na buhay kung saan ang istraktura ng Islam ay nakasalig.

**1.** Ang dalawang pagsaksi ng pananampalataya at ang pagsasatitik ng Arabikong salita ay **(Ash hadu an la ilaaha illa Allah, wa Ash hadu anna Muhammad Rasool Allah)** na ang ibig sabihin: Ako ay sumasaksi na walang dapat sambahin maliban sa Diyos, at ako ay sumasaksi na si Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay sugo ng Diyos. Ang taos pusong pagsaksi sa kaisahan ng diyos at ang pagtanggap sa pagka Propeta ni Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) at pagtupad sa kanyang mga ipinag-uutos ay walang duda na siya ay sumusunod sa pananampalatayang Islam at nakagarantiya sa kanya ang paraiso. Sa gayon, ang kaisahan ay ang pinakabuod ng Islam. Ang pagtanggap ng

paniniwalang ito ay nagbubukod sa Muslim at sa mga yaong nasa kabilang pananampalataya.

2. **Ang Pagdarasal** ay ibinatas limang beses sa isang araw bilang pagsunod sa uots ng Diyos at ito ay isinasagawa sa mga oras kagaya: bago ang pagbukang liwayway, tanghali, hapon, pagkatapos lumubog ng araw, at pagpasok ng gabi. Ang isang Muslim ay maaaring magsagawa ng kanyang pagdarasal sa kahit saang sulok ng mundo na kailangang isagawa sa malinis na lugar. Ang mga kalalakihan ay iminumungkahi na magsagawa ng dasal ng samasama sa loob ng Mosque, at ang mga kababaihan ay iminumungkahi na magsagawa ng pagdadasal sa loob ng kanilang bahay. Ang dasal ang nagsisilbing daan ng mga tao upang magkaroon ng palagiang pakikipag-usap sa Diyos upang malayo sila sa masasamang gawain. Tangi sa riyan, ito ay sumasalamin ng pagkakapantay-pantay ng mga taong mahihirap at mayayaman, ang mga namumuno at pinamumunuan, ang mga puti at itim ay tumatayo na magkakasama, nagkakaisa sa isang hanay, balikat sa balikat at nagpapatirapa ang kanilang

mga sarili sa Nag-iisang Diyos. Ang pagdadasal ay nakapagpapalakas ng pananampalataya sa Diyos at itinataas ang tao sa pinakamataas na antas ng moralidad. Ito rin ay tumutulong upang ang puso ng bawat isa ay mahadlangan mula sa hibo ng mga maling gawain at masasama.

3. **Zakat (Kawanggawa):** Ang sinumang Muslim na mayroon natitirang pera sa loob ng isang taon at ito ay sobra sa kanyang pangangailangan ay nararapat na magbigay ng kawanggawa, 2.5% ng kanyang natirang pera ay kinakailangan na ibigay sa mga mahihirap na tao sa kanilang komunidad. Ang Zakat ay sumasalamin sa pagkamabutihing loob ng isang tao at tumutulong na malinis ang kaluluwa sa pagiging madamot at pagiging sakim. Ang Zakat ay tumutulong din upang mawala ang sama ng loob at inggit sa pag-itan ng mahihirap at mayayaman ng komunidad na kanilang kinaaaniban.

4. **Pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan:** Ang pag-aayuno sa Islam ay ang pag-iwas sa mga pagkain, inumin at gawang pakikipagtalik sa oras bago

sumikat ang araw hanggang sa paglubog nito. Ito ay ang taunang obligasyon sa buwan ng Ramadhan, ang ika-9 na buwan base sa kalendaryong lunar. Nagtuturo ang pag-aayuno ng sinseridad at mahadlangan na malagay sa panganib ang pagdarasal. Ito ay nagpapalawak ng kamalayan sa konsiyensiyang panglipunan, pasensiya, pagtitimpi sa sarili, nagpapalakas ng kalooban at awa sa mga nangangailangan sa mga miyembro ng lipunan. Bukod sa roon, napatunayan din na ang pag-aayuno sa larangan ng medisina ay nakapagpapabuti at napananatili ng ganda ng kalusugan.

5. **Hajj (Ang Paglalakbay sa Mekkah);** Ang Hajj ay obligado sa bawat Muslim minsan sa kanyang buhay, kung ang isang Muslim ay may kakayahang gumugol ng salapi at may sapat na lakas ng pangangatawan. Sa panahon ng Hajj ang mga tao sa apat na sulok ng mundo ay nagkikitakita at nagtitipontipon ng may dedikasyon na sumamba sa tangi at Nag-iisang Diyos. Ito ay isang napakalaking pagsubok ng pagtitiis, at ang napakalaking pagtitipon na ito ay nagpapa-alala sa darating na

paghuhukom kung saan ang mga tao ay titipunin upang sila ay husgahan ng Panginoon. Dito ay binibigyang diin na ang pananampalataya ng mga Muslim bilang mga magkakapatid, di kaugnay ng kanilang pinanggalingan, kultura, o ng lahing pinagmulan.

## IX. ANG ISLAM AT ANG IBANG RELIHIYON

Maaaring itanong ng ilan sa inyo: "Kung mangyari na ang lahat ng tunay na relihiyon ay may pare-parehong mensahe, kabilang na dito ang pagsamba sa Nag-iisang Diyos, bakit tayo ngayon ay nakakatagpo ng magkakaibang pananaw hinggil dito?" Ang kasagutan dito ay ang mga basehan na maaari nating gamitin na mga naunang mensahe ay pawang mga nawala o di kaya ay pawang napalitan ng mga nagdaang henerasyon. Magkaganun pa man, ang tunay na mensahe ng kaisahan ng Diyos ay naging marumi at maalamat, mapamahiin, pagsamba sa diyus-diyosan, at hindi makatuwirang pilosopikong paniniwala kung kaya, ang mga relihiyong ito ay hindi na maituturing na kapanipaniwala, Subalit ang Diyos, Ang Maawain, ay hindi hinayaang ang mga tao ay

maligaw. At ipinadala Niya, ang kahulihulihang sugo na si Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) upang buhayin ang mga orihinal na mensahe at upang akaying muli ang mga tao sa tamang landas: maniwala sa bukod tangi at Nag-iisang Diyos at sambahin Siya ayon sa Kanyang kautusan at katuruan na binanggit sa Banal na Qur'an. Ganoon pa man ang Islam ang poka ng lahat ng relihiyon, at ang Qur'an ay ang poka ng mga ipinahayag na rebelasyon, at si Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ang poka ng lahat ng mga propeta.

**X. ANG KAGANDAHAN NG ISLAM**

Ang kabuuan ng Qur'an ay ang pagpapahayag ng Tawheed (Ang Nag-iisa at ang Kaisahan ng Diyos). Ang ilan sa mga talata (ayat) ay nag-papahayag hinggil sa Diyos, sa Kanyang Pangalan, sa Kanyang Katangian, Gawa at mga Salita. Ang mga talata ay napapalooban ng Kaisahan ng Diyos ng may paggalang sa Kanyang pinaka dakilang Pangalan at ang Kanyang Ganap na Katangian. Ang

ilan naman sa mga talata ay ang pangangailangan sa pagdalangin sa tanging Diyos lamang, na walang pagtatambal at ang pagtatakwil na sambahin ang ibang diyos maliban sa Kanya. Ito rin ay nagpapahiwatig ng Kaisahan ng Pagsamba at ang kinakailangan ng mga tao na tanging ang Panginoon ang maging sentro ng kanilang wagas na intensyon, pagnanais, hiling at ang pagbaling nila sa Kanya.

Ang Qur'an ay naglalaman din ng mga kautusan at mga ipinagbabawal, kung kaya ang paggawa ng mga bagay na hindi naaayon sa mga kautusan o ang pagpigil sa paggawa ng masasama ay isang kaganapan at lantay sa pagpapatunay sa kaisahan ng Diyos. Karagdagan pa dito, ang Qur'an ay napapalooban din ng mga salaysay at kabatiran hinggil sa mga tao ng katotohanan at lantay na paniniwala at nagsasabi ng kanilang kagyat na pagpapala sa buhay nila dito sa mundo at lalong higit sa lahat ang biyayang walang hanggan sa kabilang buhay. Gayong din, ang Qur'an ay nagtataglay ng mga salaysay hinggil sa mga taong sumasamba at nagtatambal sa Diyos at pinaaalalahanan din sila hinggil kung ano ang magiging kaparusahan sa buhay nila dito sa mundo at ang naghihintay na kaparusahan

doon sa kabilang buhay. Ito ang gantimpala sa mga taong nagtatambal sa Diyos at lumilihis sa paniniwala sa Kaisahan ng Diyos.

Ang Qur'an ay tumatawag upang iwasto at patatagin ang relasyon ng mga tao sa kanilang Panginoon, at ang kanilang relasyon sa bawat isa. Tinatawag din ang mga tao upang iwasto at palakasin ang kanilang mga sarili hindi lamang sa panloob at gayundin sa panlabas. Tungkol sa pagsasawasto at pagpapatatag ng relasyon sa pagitan ng tao at ng kanyang Diyos, ang Qur'an ay hinihimok ang mga tao upang lalong maging malapit sila sa Kanya, pampisikal man o hingil sa paggamit ng pananalapi, tungo sa pagsamba, pagdarasal, Hajj, paghahandog o sakripisyo, at marami pang iba. Dagdag pa rito, ang Qur'an ay nanghihikayat upang mapagtanto ng mga tao ang kaalaman hinggil sa mga magagandang pangalan at katangian ng Diyos, at upang ang mga ito ay tumatak ang takot at ang mapitagang pagkatakot ng kanilang puso sa kanilang Panginoon at makapagtatag ng kaayusang-asal sa paggamit ng mga kautusan ng Diyos at ang mga ipinagbabawal at

pagpapatatag ng kanilang relasyon sa pag-itan ng tao at ng kanilang Panginoon.

Hinggil naman sa pagpapatatag ng kanilang relasyon sa kanilang kap'wa, ang Qur'an ay humihimok sa pag-uugali na makapagpapatatag at madagdagan ang relasyong panglipunan kagaya halimbawa ng mga kahalagahang maibibigay kung anong papel ng bawat isa sa pamilya. Kung kaya marapat na tratuhin ang mga magulang ng may kabaitan, papanatilihin ang magandang pakikitungo sa ibang miyembro ng pamilya, ipakita ang kahalagahan at karapatan ng mga asawa at mga anak, ang paggawa ng kabutihan sa kanilang kapitbahay ay ang mga obligado habang ang pagsuway sa mga magulang, ang humiwalay bilang isang miyembro ng pamilya, ang magsarili at hindi pakikihalubilo sa lipunan ay hindi pinahihintulutan sa relihiyong Islam.

Gayundin naman ang Qur'an ay nagtuturo ng pakikipag-ayos at humihimok sa mag-asawa kung mayroon hindi pagkakaunawaan sa bawa't isa na magkasundo upang maiwasan ang paghihiwalay sa isa't-isa at ng kanilang mga anak at tuluyang masira

ang pamilya. Karagdagan pa dito, ang Qur'an ay nagtuturo marapat na pakitunguhan ang mga tao ng may mataas na antas ng pag-aasal at mahal na pag-uugali kagaya ng pag-ngiti sa mga tao, ang pasasalita ng may kahinahunan, ang pagsawata ng ano mang galit, ang magpatawad sa mga taong nakasakit sa kanya o panunuligsang angkin ng iba, bagkos ang suklian ang mga ito ng pawang kabutihan, upang ng sa ganon ay maibsan kung ano man ang pagka-inis o galit sa puso at ang poot ay mapalitan at mabaling ang damdamin sa pagmamahal at pagtingin. Ang sinuman na makamtan ang pangakong ito ay may di masusukat na gantimpalang naghinhintay.

Ang Propeta Muhammad (ang awa at ang kapayapaan ay sumakanya nawa) ay nagturo na kahit na ang mga hayop ay kinakailangan na tratuhin ang mga ito ng pantay at ng may pagmamahal, nagturo na sila ay pakainin at painumin at ang mga ito ay ipinababatid na ang mga gawain na ito ay gagantimpalaan sa darating na Araw ng Muling Pagkabuhay. Ang Propeta ay nagturo din na hindi karapatdapat sa isang tao ang magkaroon siya ng mabigat na suliranin na hihigit sa kanyang kakayahan

na malutas ito o kaya ay kapighatian, o kaya ay ang pumatay maliban sa ang mga ito ay makapipinsala. At kung ang isang hayop ay kakatayin minararapat na ang hayop ay maging kalmado bago ito katayin at gilitan ng buhay sa kanyang leeg.

Ang Qur'an ay napapalooban din ng pagtuturo upang ang isang tao ay palagiang malinis sa kanyang katawan at may kadalisayang pang-ispirit'wal. Humihimok sa mga tao na maging malinis, ang pagsusuot ng malinis na kasuotan at sapatos at ang paggamit ng pabango. Ang pagsasagawa ng paliligo tuwing araw ng Biyernes ay nararapat din sa isang Muslim at lalo't higit sa lahat ang paliligo pagkatapos ng pakikipagtalik at maghugas bago magsagawa ng pagdarasal, ang pagputol ng mahabang kuko, ang pag-ahit o pagbunot ng mga balahibo sa kilikili siya man ay lalake o babae, ang pag-aahit ng buhok sa maselang parte ng katawan, ang bawasan o putulan ang bigote, ang palagiang paggamit ng siwak (isang maliit na tangkay ng isang puno gamit upang linisin ang ngipin) at ang paghuhugas ng ari pagkatapos gumamit ng palikuran (pag-ihi o pagdumi). Hinggil sa kalinisang pang ispirit'wal ang Qur'an ay nagtuturo din na

magkaroon ng tama at lantay na kaluluwa at kinakailangan na malinis ang puso sa galit, malisya, selos, pagmamalaki o banidad, at ang pagiging patas at makatarungan.

Humihikayat din ito ng pagkakaroon ng intergidad ng puso at pagmamahal, damdamin at pagpapakumbaba sa mga tao. Ipinangangaral din na iwasang gamitin ang dila sa pagsisinungaling, manirang puri, paghahatid-humapit (slander) at manglait ng mga tao bagkos magkaroon at palamutian ang sarili ng pagiging makatotoo at kahinahunan sa pagsasalita. Ipagbawal sa mga mata ang pagtitig sa mga malalaswang larawan at panoorin, at ang pagtingin sa mga maselang bahagi ng katawan ng kanyang kap'wa at iwasan na ang tainga ay makapakinig ng maaanghang at mga immoral na salita.

Ang Qur'an ay pumupuri at humihimok na magkaroon ng kaalaman at tumutuligsa sa kamangmangan na ito ay nagsasabi na makapagdadala sa pagkawasak ng kanyang pananampalataya. Ito ay nag-uutos na gumalaw at

maging dinamismo habang ito ay nagtuturo na iwasan ang pagiging tamad. Kagaya nito, ang Qur'an sa lahat ng bagay ay humihikayat sa lahat ng kahalintulad at kapuripuring pag-uugali at dalisay na katangian. Ang panunuran ng Qur'an hinggil sa mga kabataan na ipinanganganak na sakop sa legal na kasal at ang hangaring pang seksuwal ay dapat na sawatain at nakapaloob sa mga parametrong ito. Ang pag-aasawa ay kinakailangan ang paghahandog ng obligadong dote (bigay kaya) ng lalaki sa mapang-aasawang babae at kinakailangan na suportahan ng lalake ang asawang babae at ang magiging anak nito sa pampinasyal na bagay at tratuhin ang mga ito ng pantay pantay. Sa parehong kaparaanan, ang Qur'an ay nagbabawal ng pakikipagtalik sa hindi niya asawa sapagkat ito ay ang pinaka masamang pag-atake sa dangal at dignidad at para ito ang nagsisilbing sakit at ang pagkakaroon ng mga anak sa labas.

Gaya parin nito, ang Qur'an ay nagbabawal sa lahat ng anong uri na makapagdudulot upang mauwi ito sa bawal na pakikipagtatalik kung kaya ang pagtangi sa mga malalaswang larawan at ang pakikipag-usap sa babaing may asawa ay

ipinagbabawal. Ito din ay nag-uutos sa mga kalalakihan na ibaba ang kanilang tingin at huwag hayaang lantarang tumingin sa mga kababaihang nagsusuot ng malalaswang damit na hindi naaayon sa kautusan ng Islam at dapat na ipag-utos sa mga kababaihan na magdamit ng kaaya-aya upang madamitan ang kanilang mga katawan ng hindi makatawag pansin sa mga kalalakihan.

Ang Qur'an ay tumatawag na pangalagaan ang santidad na pamumuhay ng mga tao at lalonglalo na, tumutuligsa din ito sa aborsyon at kitilin ang buhay ng mga inosente ay isa sa pinaka masama at ang kasuklam suklam na krimen. Ipinagbawal ng propeta ang pagbali ng mga buto ng mga patay na hayop kung kaya papaano pa ang pagkitil ng buhay ng mga inosente o sanggol sa sinapupunan? Itinakda ng Qur'an ang buhay para sa buhay at mata para sa mata sa lahat ng mga kapinsalaan, datapwa't, maliit man o malaki, hangga't ang pamilya ng isang taong napatay o kaya ang taong napinsala ay tinaggap ang katumbas ng halaga nito. Ipinag-utos din ng Qur'an na maalagaan ang kabuhayan ng bawat isa at siguraduhing ito ay hindi malalabag kung kaya ipinagbabawal ang pagnanakaw, panunuhol,

pagpapatubo, at ang panloloko.Hinihimok ang bawat isa na maging katamtaman sa paggasta at kaya ipinagbabawal ang pagiging maluho, ang pagiging masagana, at ang paggasta ng labis habang ipinagbabawal din ang panininggal ng napakalaking kayaman. Tumatawag din ito ng pantay at nag-uutos na ang mga tao ay kinakailangan na hindi maging gahaman at mapag-imbot o kaya ay may katipiran sa paggasta at huminto sa pag-aaksaya.

Humihimok na maghanap at pagsumikapang malaman ang mga probisyon sa pamamagitan ng ligal na pamamaran hinggil sa pangangalakal, pagbebenta, at pagpapaupa- ang lahat na gawain na nagbibigay ng mga panustos pananalapi o kaya ay ang mga materyal na pakinabangan ng lahat at ganoon din ang pangangalaga sa karapatan at pangangailangan ng mga mahihirap, lalo't higit sa lahat yaong mga kamag-anakan. Ang Islam ay iminumungkahing magkaroon ng magandang kalusugan, kaya ipinag-uutos na ang natatangi at masustansiyang pagkain lamang ang dapat na kainin ng katamtaman lamang at ipinagbabawal ang pagkain na makakasama sa kalusugan, ito man ay

pagkain at mga inumin kagaya ng carfion, inuming nakalalasing, paninigarilyo, droga, atbp. Ipinag-uutos din ang pag-aayuno na nagtataglay ng maraming benepisyo sa katawan, lalong lalo na sa tiyan.

Ang Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ang nagturo ng maraming kabutihang asal, kabilang dito ang kagandahan kung papaano ang tamang asal sa pagkain at pag-inom. Kabilang dito ang pagkain na gamit ang kanang kamay at hindi dapat na pintasan ang pagkain kung ito man ay hindi masarap bagkos maging kasisiya ito. Kaya, kung ang isang tao ay nagustuhan ang pagkain, dapat niya itong kainin at kung hindi naman ito kaayaaya para sa kanya, nararapat na huwag niyang kainin at iwanan ito ng walang pamimintas. Ito ay ang kawalang respeto sa biyaya ng pagkain at ganoon narin upang maiwasan na makasakit ng damdamin sa taong nagluto. Iminumungkahi sa isang tao na makisalo o kumain na kasalo ang iba at iwasan ang pagkain na mag-isa, kahit pa kumakain na kasama ang pamilya o kung nag-imbita ng mahirap na tao ay kinakailangan na sila ay sabayan. Ang salitang Sa Ngalan ng Diyos (bismillah) ay

kinakailangan na bigkasin bago simulang kumain, at pagkatapos kumain kailangan na bigkasin ang salitang "Ang lahat ng papuri ay sa Allah" (Al-hamdulillah) ito ay sa dahilan na upang maalala ng mga tao ang biyayang ipinagkaloob sa kanila ng sandaling iyon at pasalamatan ang taong naghanda ng pagkain.

Ang Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay ipinagbabawal na hipan ang pagkain o hipan ang iinumin o kaya ay huminga sa baso o boteng iinuman, ito ay upang bigyan ng respeto ang ibang nakikisalo sa pagkain at upang hindi kumalat ang anumang nakakahawang mikrobyo. Ang Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay tinuruan ang mga tao na panatilihin na magkaroon ng magadang asal sa pagdalo sa mga pagtitipon kagaya ng pagsasalita ng mahinahon at huwag na huwag sisigaw, igalang ang mga nakatatanda, magpakita ng awa sa mga kabataan, ang batiin ang mga nakakadaupang palad sa pagsasabi ng (as-salam) kapag pumasok na sa pagtitipon, bantayan ang dila sa pagsasalita ng mga salitang makakasakit ng kapwa, kahit pa ito ay totoo.

Ang Propeta (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay nagturo din sa mga tao ng palagiang pag-alaala sa bawat oras at sa lahat ng pagkakataon at sitwasyon. Ito ay makalilikha ng permanenteng ugnayan sa pag-itan ng tao at ng kanyang Panginoon at upang kumintal ang katatagan, kahinahunan, katahimikan sa kanilang puso at ito ay isa ding pamamaraan upang maprotektahan ang sarili laban sa masamang gawain.

Ang Propeta (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) halimbawa, tinuruan niya ang mga tao na magsagawa ng panawagan na dapat sambitin bago matulog, bago pumasok ng palikuran, bago makipagtalik, bago o habang nagsasagawa ng paglalakbay, panalangin sanhi ng matinding takot sa tao, sa pagpasok ng bahay o kung lilisanin ang bahay, panalangin sa umaga at sa tanghali, o kung ang isang tao ay nakakaranas ng matinding dagok sa buhay, kahirapan o kamalasan, kung nasa pagkabalisa, ng dahil sa pagkakautang o kahirapan, kung papasok ng libingan, kung hihinto sa isang lugar upang magpahinga, o magtayo ng matitigilan atbp'ng sitwasyon, ang natatanging

panawagan at dalangin ay nararapat sambitin. Ang iba pang aspeto ng pangkalahatang kaugalian na kung saan ibinigay ng Propeta (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ang magandang gabay ay patungkol sa tamang pag-uugali at kaasalan sa paglalakbay. Halimbawa, tinuruan niya ang mga tao na kung maglalakbay ay kinakailangan na ugaliin ang pagpapaalam sa kanyang pamilya at basbasan sila at bigyan ng panalangin kagaya ng panalangin na kanyang ipinalangin sa kanyang sarili.

Karagdagan pa dito, inutusan niya ang mga tao na huwag maglakbay ng nag-iisa bagkos ay maglakbay ng may kasama, ang mga naglalakbay ay kinakailangan na magtalaga ng isang mamumuno sa kanila, na magsasagawa ng mga disisyon pagkatapos maisangguni ang opinion ng iba. Ang isang manlalakbay ay kinakailangan na magsagawa ng palagiang pagdadasal at alalahanin ang Panginoon habang naglalakbay. Hindi nararapat na bigyang surpresa ang mga miyembro ng pamilya sa kanyang pagbabalik lalo na ang pag-uwi sa hatinggabi, manapa'y dapat ipaalam ng isang manlalakbay sa

kanyang asawang babae ang kanyang pag-uwi upang ito ay makapaghanda bago siya dumating o sa kanyang pag-alis sa darating na umaga

Itinuro din ng Propeta (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na ipinagbabawal sa mga kababaihan ang paglalakbay ng nag-iisa at walang kasamang Maharram, asawa o ng mga kalalakihan na hindi niya maaaring mapang-asawa kagaya ng ama, kapatid na lalaki, anak, lolo, tiyuhin upang mapangalagaan ang dangal at ang kayamanan. Ang Islam ay humihikayat ng pagkakaroon ng katarungan at katangitanging asal at humihikayat na maisakatuparan ang lahat ng gawain hinggil sa pakikipagkasundo na maisakatuparan ang mga ito, upang maibalik ang tiwala, na ang lahat ng namumuno ay sundin na may kaakibat ng magandang asal upang huwag makagawa ng karumihan, kababaang-uri, krimen, pang-aapi, pagkaka-away-away, pandarahas, at ang lahat ng paninisi at masasakit na salita.

## XI. ANG PANGKALAHATANG KATANGIAN NG RELIHIYON NA MAY MALAWAK NA SAKLAW

Ang Islam ay ang pangkalahatang mensahe sapagkat ang Diyos ay nagsugo ng mga Propeta sa mga tao sa kanikanilang kapanahunan sa limitadong panahon maliban kay Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na ipinadala sa lahat ng tao; maitim o maputi man ang kulay ng balat, mayaman man o mahirap, ang namumuno at ang mga pinamumunuan, Arabo man o hindi, ang mga alipin at ang kanilang mga pinagsisilbihan. Ang Islam ay ang relihiyon ng lahat ng tao simula ng ito ay maipahayag hanggang sa darating na araw ng paghuhusga. Ito ay may pangkalahatang mensahe at kayang gampanan ng sinuman, sapagkat ito ay maaaring isagawa saan man sulok ng mundo (o kahit pa ikaw ay nasa buwan). Nilikha ng Diyos ang mensahe ng Islam na maging madali itong maintindihan at madaling sundin. Ang ibang kapahayagan ay Kanyang inalis at pinalitan ang mga ito ng mas mainam na naaayon sa Kanyang karunungan at ang batas ng Islam ay akmang-akma sa

lahat ng tao sa pamamagitan ng pang-ispirit'wal, psykolohical, panlipunan, at pangangailangan hinggil sa pagkalakalan, sa lahat ng oras. Ang katuruang Islamiko ay may mga katangitanging nilalaman, ito ay ang mga sumusunod:

1. **Makatwirang katuruan:** Ang naghahanap ng katotohanan ay makatatagpo ng katuruan sa Islam na may lohikal at katuwiran
2. **Perpeksiyon o Kahigpitan:** Dahil ang Diyos ay walang depekto, Ang Kanyang katuruan ay nararapat na walang depekto at ito ay dapat na lantay at dapat na ito ay walang kahit na anong salansang o kamalian man lang
3. **Kaliwanagan:** Tayo ay Kanyang ginagabayan sa malinaw at simpleng rebelasyon na walang halong alamat, pamahiin at kababalaghan.
4. **Pang-agham:** Hindi katakataka na matatagpuan sa Qur'an at sa mga kasabihan (hadeeth) ng Propeta (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na karamihan sa mga kabatiran na ngayon lamang natutuklasan ng makabago at modersnisadong siyentipiko. Sa puntong ito na

katotohanan na ang Qur'an ay ang tunay na salita ng Diyos at si Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay ang sugo ng Diyos[38].

5. **Mga Hula:** Marami sa mga pangyayari ay hinulaan na sa Qur'an at sa mga kasabihan ng Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) (ang Sunnah) ay pawang mangyayari at ang karamihan dito ay naganap na.

6. **Katamtaman:** Sa Islam, walang makasalungat sa pag-itan ng pang-ispirit'wal at makalupang buhay. Ang tao ang siyang may pananagutan sa lahat ng kanyang gawa at pang araw-araw na gawain. Dapat ang mga ito ay naaayon sa tamang intensyon, layunin ng mga ito na matamo ang maluwalhating pagpapala at kagaya nito ang daan sa natatanging pamamaraan ng pagsamba na hindi pinahihintulutan sa Islam ay ang mga sumusunod; sekularismo, materialismo, monasticismo at sukdulang asceticismo kung saan

[38] Tingnan "Ang Qur'an at ang Makabagong Siyensya "ni Dr. Maurice Bucaille.

ito ay nagbibigay ng isang patas na paraan upang makamit ang ug-maan at sa pag-itan ng pantay o balanse na pang ispiritwal na pangangailangan ng tao. Kung kaya tinawag ng Diyos ang nasyon ng mga Muslim sa Qur'an: "Ang Katamtamang Nasyon"[39]

7. **Malawak na Saklaw:** Ang katuruang pang Islamiko ay nagbibigay sa tao ng malinaw na patnubay na masunod ito sa lahat ng klase ng buhay: ispiritwal, pansarili, panlipunan, kabudhian, pampolitika, pangkabuhayan, atbp.
8. **Di Matutularan:** Ang katuruan pang Islamiko ay walang pagkakamali, milagrong buhay na hindi kayang gayahin ng kahit sinong tao.
9. **Pagkapantaypantay:** Ang katuruang pang Islamiko ay hindi nag-tatangi sa mga tao kahit ano pa ang kulay nito, tribo, lahi, nasyonalidad, atbp., sapagkat ang mga tao ay nagmula sa iisang ama at iisang ina si Adan at Eba. Nagtuturo din ang Islam na ang pamantayan ng maganda at pangit ay ang kapurihang dalisay (i.e, ang pinaka mabuting tao

[39] Qur'an 2:143

ay ang may pinaka kapurihang dalisay) Ayon sa isang talata sa Banal na Qur'an: **"Ang pinakamarangal sa inyo, sa paningin ng Allah ay ang pinaka magaling sa ugali".**[40]

## XII. BAKIT ISLAM?

**Nararapat na tayo ay maging isang Muslim** sapagkat ang Diyos ay ginawang isara at hinalinhan ang mga dating mensahe at ito ay pinalitan sa Islam ng mas mahusay na katuruan. Ang Diyos ay nagwika sa lahat ng tao sa Qur'an: **"Sa araw na ito Aking itinumpak ang inyong relihiyon para sa inyo, at binuo ang Aking tulong sa inyo, at pinili para sa inyo bilang relihiyon ang ISLAM".**[41]

**Nararapat na tayo ay maging isang Muslim** sapagkat ang lahat ng tao na kahit anong edad ay nararapat na sumamba sa kanilang Panginoon. (Allah) ayon sa batas na itinalaga ng Diyos na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Propeta. Ang tribo ng Israel,

[40] Qur'an 49:13
[41] Qur'an 5:3

halimbawa, ay inutusan na sambahin ang Diyos ayon sa batas ni Moises (ang awa at kapayapaan ay sumakanya nawa) Ng si Propeta Jesus (ang awa at kapayapaan ay sumakanya nawa) ay ipinadala sa kanila, sila ay inutusan na sumamba sa Diyos ayon sa nasusulat sa Injeel (Gospel-Mabuting Balita). At ngayon ang Diyos ay nagsugo kay Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) na mayroong mensahe ng Islam sa sangkatauhan, ito ay naging gawi na ng mga tao, **ang tribo ng Israel at sa lahat ng tao,** upang pumasok sa Islam. Kung, sa anong kadahilanan, at ang tao ay tumangi sa Islam, kung gayon siya ay nagkaroon ng isang malaking kasalanan. Sa kasawiang palad, kung siya ay namatay na nasa istado ng maling pananampalataya siya ay parurusahan at itatapon sa apoy ng impyerno upang mamalagi dito panghabang buhay. Ang konseptong ito ay binigyang diin ng isang daang beses na nasulat sa Qur'an at sa mga kasabihan ng Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya). Ang Diyos ay nagwika sa Qur'an: **"Ang sinuman ang naghahanap ng ibang relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi tatanggapin galing sa Kanya at siya ay magiging isang**

**talunan sa kabilang buhay.**"[42] At saka, sinabi ni Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya): "Ang sinuman sa mga Kristiyano at Hudyo ang makarinig tungkol sa akin at hindi sumunod kung ano ang ipinadala ko, at namatay na hindi naniniwala ay maninirahan sa impyerno."[43]

May mga tao na maaaring hindi nila matatanggap ang relihiyong Islam sapagkat inaakala nila na ang pagiging isang Muslim ay isang pagtalikod sa lahat ng mga Propeta na isinugo ng Diyos! Ito ay isang maling konsepto sapagka't kung ating susundan ang mga pagpapatunay sa mga susunod na talata: Una, Ang paniniwala sa mga sugo ng Diyos ay isang haligi ng pananampalatayang Islam at kung kaya, walang Muslim na matatawag na Muslim kung sila ay hindi naniniwala kay Jesus, Moises o ng kahit na sinong propeta. Pangalawa, Ang maniwala sa isang propeta ay isang katuruan ng mga naunang propeta na ipinag-utos sa mga tao na paniwalaan ang mga susunod

[42] Qur'an 3:85
[43] Sahih Muslim (284).

pang mga propeta at sundin ang lahat ng kanilang pinatotohanan. Kung kaya ang itakwil ang isang propeta ay pagtatakwil sa kanilang sinundang propeta. Pangtatalo, ang pagtatakwil sa mga sugo ay pagtatakwil sa nag sugo sa kanila, Ang Diyos: ganoon pa man, sa Islamikong pananaw ang relasyon sa pag-itan ng mga mesahero ay kagaya ng relasyon sa pag-itan ng pagkakadugtong dugtong ng mga tanikala, kung saan ang itakwil ang isa ay pagtatakwil sa lahat. Magkagayon, ang ibig sabihin ng pagiging isang Muslim ay nagtataglay ng dangal na paniniwala sa lahat ng mga propeta doon sa mga nauna kay Propeta Mohammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) at hindi ang pagtalikod sa mga naunang propeta kagaya ng mga iniisip ng ibang tao.

**XIII. HINUHA (KONKLUSYON)**

Ang mga sumusunod na datos ay tinalakay at pinatunayan sa babasahing ito:

**Una,** Ang layunin ng pagkakalikha sa mga nilikha ay upang sambahin lamang ang Nag-iisang Diyos.

**Pangalawa,** ang pangunahing mensahe ng Islam ay ang sambahin ang Diyos ng walang pagtatambal
**Pangatlo,** ang pagpapatunay na tanging ang Nag-iisang Diyos lamang ang karapat dapat na sambahin ay pawang inilahad at isiniwalat.

**Pang-apat,** ang mensahe ng huwad na relihiyon ay ang pagsamba sa mga nilikha bagkos sa tanging Nag-iisang diyos lamang.

**Pang-lima,** Ang Diyos at ang Kanyang mga nilikha ay magkaiba ng katayuan. Siya ang Nag-iisa, Kakaiba Siya sa Kanyang mga nilikha.

**Pang-anim,** ang banal at orihinal na pangalan ng relihiyong Islam at ang pinaka komprehensibo at pinaka-malawak na kahulugan nito tungo sa katotohanan.

**Pang-pito,** Ang basikong simulain ng Islam at ang katangian nito ay natuturo sa katotohanan nito.

**Pang-walo,** Ang Qur'an ay salita ng Diyos kung saan ito ay inilagak noon at mag pahanggang ngayon.

**Pang-siyam,** Ang katuruan sa Islam ay makatotohanan at hindi komplikadong gawin.

**Pang-sampu,** Ang mga Propeta ay mga tao na Kanyang pinili at isinugo upang iparating at buhayin ang orihinal na mensahe: Ang sumamba sa natatangi at Nag-iisang Diyos lamang (kaisahan) at huwag sumamba sa kahit anong bagay na Kanyang nilika maliban sa Kanya. Ang mga propeta ay isinugo upang maging halimbawa at huwaran, kung papaano ang mga ibinigay na kasulatan ay maintindihan at maipatupad sa mga tao. Sila na mga propeta ay kagaya rin natin na nilikha na nagmula sa isang lalaki at isang babae (Tatay at Nanay) maliban kay Adan at Jesus (ang awa at kapayapaan ng ay sumakanila nawa). Ang una ay nilika ng Diyos mula sa putik subalit ang huli ay nilikha niya sa isang babae na walang lalaki. (May Nanay walang Tatay)

**Pang labing-isa,** Ang Islam ay ang natatanging relihiyon na nagtuturo ng tamang konsepto ng Diyos, wala ni isa mang makakagulo sa isipan ninuman at walang hindi makatotohanang pananaw sa mga bagay bagay.

**Panglabing dalawa,** Ang mga pinagmulan ng Islmikong katuruan ay hayag na nagpapatunay na ang Diyos ay nagsugo kay Propeta Muhammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya)

na may pangkalahatang mensahe ng Islam na halinhan ang lahat na mensaheng naipadala sa sangkatauhan.

**Panglabing-tatlo,** pinatotohanan na ang Islam ay isang pag-uulit na kapahayagan na ang basikong mensahe ng lahat ng relihiyon: Sambahin lamang ang Tanging Nag-iisang Diyos. Ito ang huling relihiyon para sa sangkatauhan sa lahat ng panahon. Ang sinuman ang makarinig hinggil dito ay kinakailangan na sumunod at ang sinuman na tumanggi dito sa makatuwid siya ay tumatanggi sa mensahe ng Diyos at kasunod nito ay itatapon siya sa impyerno.

**Panghuli,** Ang Islam ay ang relihiyon ng pangkalahatan na kayang gampanan ng mga tao sa habang panahon.

Ito ang labing apat na basikong sangkap kung anong lohika at makatuwiran na nagsasabi sa Islam na isa-alang-alang ang kahulihulihan at ang tunay na relihiyon ng Diyos na nararapat na sundin ng mga tao. O! Mambabasa! Ipinakita sa aklat ito ang tunay na daan, at ang Diyos ay nagbigay sa iyo ng kakayahan na makilala at malaman ang tama sa mali, at ang

kasarinlan na pumili kung iyong tatanggapin o hindi ang mensahe ng Islam. Kung iyong tatanggapin ang Kanyang tawag, kayo ay malugod na tatanggapin sa Paraiso. Kung inyo itong tatanggihan, kayo ay nasa sa pinaka pangit na simulain kung ikaw ay mamamatay, ang pinaka malaking dagok sa iyong buhay.

## XIV. PAPAANO ANG MAGING ISANG MUSLIM

Ang bawat relihiyon na nagtuturo at sumasamba sa kaisahan ng Diyos ay kailangan na sundin ang kanilang pamantayan upang maging isang ganap na kaanib sa kanilang simbaham. Upang ikaw ay maging isang ganap na Hudyo, ikaw ay kinakailangan na: 1. Itakwil mo ang pagiging propeta ni Jesus at ang kanyang pagiging isang banal. 2. Itakwil mo ang (Gospel) mabuting balita na ipinadala kay Jesus. 3. Itakwil mo ang pagigng Propeta ni Mohammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya). 4. Itakwil mo ang kapahayagan na ipinadala kay Mohammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya), Ang Qur'an

Upang ikaw ay maging isang ganap na Muslim, ikaw ay kinakailangan na: 1. Sumumpa ka na walang sasambahin maliban sa Nag-iisang Diyos, 2. Ang mga diyus-diyosan ay kinakailangan mong itakwil, 3. Paniwalaan ang lahat ng mga ipinadalang sugo ng Diyos kabilang na dito si Moises, Jesus at ang kahulihulihang propeta na si Mohammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya), 4 Ang sinuman na nag nanais na maging isang Muslim ay kinakailangan niyang gawin ang mga sumusunod:

- Ang maniwala na ang Diyos ay iisa at bukod tangi, naiiba kumpara sa Kanyang mga nilikha.
- Ang sumaksi na walang dapat sambahin maliban lamang sa Nag-iisang Diyos at si Mohammad Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya) ay sugo ng Diyos
- Ang maniwala na si Jesus anak ni Marya ay isa lamang propeta ng Diyos.
- Maniwala sa anim na haligi ng paniniwala at sumamba sa Nag-iisang Diyos, ng walang pagtatambal sa paraaang itinuro ng Popeta

Mohammad (Nawa'y ang Kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasakanya)

- Ang ikaw ay sumaksi ng buong puso sa karamihan.

Nawa ang liwanag at ang katotohanan ay magsilbing linaw sa ating puso at isipan. Nawa ay magsilbing daan ito tungo sa kapayapaan dito sa buhay sa mundo at sa buhay na walang hanggan sa paraiso.

Gumagalang,

Majed Al Rasi
Jubail 31961
P.O Box 10283
K.S.A
Mobile: 00966(0)505906761
Fax: 00966 (0) 33482869

At para naman sa karagdagang babasahin hinggil sa Islam, iminumungkahing basahin ang mga sumusunod na mga aklat:

- Ang Aklat na Ito ay Para sa Iyo
  Ni - Omar Penalber
- Jesus, naipako ba sa Krus?
  Ni - Ahmad Ricalde
- Ang Katotohanan Tungkol Kay Jesus
  Ni - Abdul Latif Arceo
- Jesus anak ni Maria-Propeta hindi Diyos
  Ni - Ahmed Jibreel Salas
- Alam mo ba na ikaw ay Muslim
  Ni – Eisa "Rene" Saturno-Batallones
- Ang Kahulugan ng La Illaha Illa la
  Ni - Khalid Evaristo

Ang Aklat na Ito ay Lathalain ng
Jubail Da'awah and Guidance Center
P.O Box 1580 – Jubail 31951 – Saudi Arabia
Tel: 03-3625500 – Fax – 03-3626600

Ipinahihintulot ang paglimbag ng aklat na ito upang ipamahagi ng libre sa kondisyon na walang ano mang gagawing pagbabago maliban sa pabalat nito. Ang sinuman na magnanais na ilimbag ito sa layuning

ipagbili ay mangyaring makipag-ugnayan muna sa tanggapan.

Maari ninyong buksan ang mapapaniwalang website na tumatalakay tungkol sa tamanag aral ng Islam

www.islam-qa.com